Mensahe Apat

**Ang Intrinsikong Pagsasalamuha ng mga Ekklesia para sa Kanilang Organikong Ugnayan**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 22:1; Gawa 2:42; 1 Cor. 10:16-18; 2 Cor. 13:14; Fil. 2:1; 1 Juan 1:3, 7

**I. Kailangan nating makita at pumasok sa intrinsikong pagsasalamuha ng mga ekklesia:**

A. Ang salamuha ay ang pagdaloy ng buhay na walang hanggan sa loob, sa pamamagitan, at sa gitna ng lahat ng sangkap ng organikong Katawan ni Kristo; inilalarawan ito ng pagdaloy ng tubig ng buhay na nagmumula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa Bagong Herusalem—Apoc. 22:1.

B. Kung paanong may sirkulasyon ng dugo sa katawan ng tao, gayundin ay may sirkulasyon sa Katawan ni Kristo na tinatawag ng Bagong Tipan na salamuha—1 Juan 1:3, 7.

C. Ang salamuha ng Katawan ni Kristo, na siyang pagsasalamuha sa gitna ng mga ekklesia, ay ang salamuha ng mga apostol—Gawa 2:42; 1 Juan 1:3:

1. Ang salamuha ay nagmumula sa pagtuturo; kung tayo ay magtuturo nang mali at naiiba sa pagtuturo ng mga apostol, ang pagtuturo ng ekonomiya ng Diyos, ang ating pagtuturo ay magbubunga ng isang makasekta, mapagbaha-bahaging salamuha—Gawa 2:42; 1 Tim. 1:3-6; 6:3-4; 2 Cor. 3:8-9; 5:18:

   a. Ang pagtuturo ay lumilikha ng salamuha, at ang salamuha ay nagmumula sa pagtuturo—1 Cor. 4:17; 1:9; 10:16.

   b. Sa pagbabawi ng Panginoon ngayon, tayo ay nasa ilalim ng pagtuturo ng mga apostol at nasa loob ng salamuha ng mga apostol—Gawa 2:42.

2. Ang magkaroon ng pakikipagsalamuha sa Tres-unong Diyos sa salamuha ng mga apostol ay ang isaisantabi ang ating mga pribadong interes at makiisa sa mga apostol at sa Tres-unong Diyos para sa pagsasagawa ng layunin ng Diyos—Fil. 4:14; 2:1; Gawa 2:42; 1 Juan 1:3; 1 Cor. 1:9; 3:6, 12.

D. Ang isang dibinong salamuha ay isang hinabing salamuha—ang pahalang na salamuha ay inihabi sa patayong salamuha:

1. Ang paunang karanasan ng mga apostol ay ang patayong pakikipagsalamuha sa Ama at sa Kanyang Anak, si Hesu-Kristo, ngunit nang iniulat ng mga apostol ang buhay na walang hanggan sa iba, naranasan nila ang pahalang na aspekto ng dibinong salamuha—1 Juan 1:2-3; cf. Gawa 2:42.

2. Ang ating pahalang na pakikipagsalamuha sa mga banal ay nagdadala sa atin sa patayong pakikipagsalamuha sa Panginoon; pagkatapos ang patayong pakikipagsalamuha sa Panginoon ay nagdadala sa atin sa pahalang na pakikipagsalamuha sa mga banal:

   a. Pumapasok tayo tungo sa patayong aspekto ng dibinong salamuha sa pamamagitan ng dibinong Espiritu, ang Espiritu Santo; itong aspekto ng pagsasalamuha ay tumutukoy sa ating pakikipagsalamuha sa Tres-unong Diyos sa ating pag-ibig sa Kanya—2 Cor. 13:14; 1 Juan 1:3, 6; Marc. 12:30.

   b. Pumapasok tayo tungo sa pahalang na aspekto ng dibinong salamuha sa pamamagitan ng pantaong espiritu; itong aspekto ng pagsasalamuha ay tumutukoy sa ating pakikipagsalamuha sa isa't isa sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu sa ating pag-ibig sa isa't isa—Fil. 2:1; Apoc. 1:10; 1 Juan 1:2-3, 7; 1 Cor. 16:18; Marc. 12:31; Roma 13:8-10; Gal. 5:13-15.

3. Sa dibinong salamuhang ito ang Diyos ay inihahabi sa atin; ang paghahabing ito ay ang paghahalo ng Diyos at tao upang dalhin ang dibinong bumubuong-sangkap tungo sa ating espiritwal na katauhan para sa ating paglago at transpormasyon sa buhay—Lev. 2:4-5.

E. Ang dibinong salamuha ay lahat-lahat sa buhay-Kristiyano:

1. Kung paanong ang daloy ng kuryente ay ang kuryente mismo, ang salamuha ng dibinong buhay, ang pagdaloy ng dibinong buhay, ay ang dibinong buhay mismo.
2. Kapag ang salamuha ay nawala, ang Diyos ay nawawala rin; ang Diyos ay dumarating bilang salamuha—2 Cor. 13:14; Apoc. 22:1.

**II. Kailangan nating makita at pumasok tungo sa organikong ugnayan ng mga ekklesia; ito ang namumukod-tanging ugnayan ng namumukod-tanging ekklesia (ang pansansinukob na ekklesia na binubuo ng lahat ng ekklesia-lokal); "ang ekklesia" sa 1 Corinto 12:28 ay tumutukoy sa ekklesia kapwa sa pansansinukob at panlokal na aspekto nito:**

A. Ang organikong ugnayan ay isinasagawa nang bukod-tangi at nang pansansinukob sa gitna ng lahat ng ekklesia-lokal bilang namumukod-tangi, organikong Katawan ni Kristo—2 Cor. 13:14; 1 Juan 1:3, 7.

B. Lahat ng ekklesia-lokal ay isang ekklesia; ang kanilang organikong ugnayan ay batay sa organikong salamuha ng dibinong buhay; sa gitna ng lahat ng ekklesia na bumubuo sa isang pansansinukob na Katawan ni Kristo, ay walang organisasyon, subalit mayroong salamuha ng Katawan ni Kristo—Fil. 1:5; cf. Gawa 9:31.

C. Ang ekklesia sa isang lokalidad ay hindi dapat magtaglay ng saloobin na sila ay walang kinalaman sa ekklesia sa ibang lokalidad; isang intrinsikong maling pagkatanto at naiibang pagtuturo ng hiwalay, nagsasariling ugnayan ng mga ekklesia ang umiiral sa gitna natin; ang mali at naiibang pagtuturong ito ang nagsasanhi ng pagkakabaha-bahagi kada pagkakabaha-bahagi.

D. Ang pagbabawi ng Panginoon ay batay sa katotohanan na si Kristo ay mayroon lamang isang Katawan, na nahahayag sa maraming lokalidad bilang mga ekklesia-lokal; dahil mayroong isang Espiritu, mayroon lamang isang Katawan, at mayroon lamang isang sirkulasyon ng buhay sa Katawan; ang sirkulasyong ito ay ang salamuha ng Katawan ni Kristo, na siyang pagsasalamuha sa gitna ng mga ekklesia—Efe. 1:22-23; 4:4-6; 1 Juan 1:3, 7; Apoc. 1:11.

E. Ang isang ekklesia-lokal ay bahagi ng namumukod-tanging Katawan ni Kristo, at ang salamuha ng Katawan ay pansansinukob na iisa; sa dibinong salamuha ay walang paghihiwalay—b. 11; 2:7a:

1. Walang ekklesia o rehiyon ang dapat ihiwalay ang sarili nito mula sa salamuha ng Katawan; ang resulta ng isang ekklesia o isang rehiyon na inihihiwalay ang sarili nito mula sa salamuha ng Katawan ni Kristo ay kadiliman, kaguluhan, pagkakabaha-bahagi, at kamatayan.
2. Kung ihihiwalay natin ang ating sarili mula sa salamuha ng Katawan, hindi tayo kuwalipikadong makibahagi sa hapunan ng Panginoon, sapagkat ang tinapay na nasa hapag sa hapunan ng Panginoon ay sumasagisag sa buong Katawan ni Kristo—1 Cor. 10:16-17; 11:25-28.

**III. Ang dibinong salamuha ay ang realidad ng pamumuhay sa loob ng Katawan ni Kristo sa kaisahan ng Espiritu—1:9; 10:16-18; 12:12-13, 27; Gawa 2:42; Efe. 4:3:**

A. Ang dibinong salamuha ang naghahalo sa atin; yaon ay, nagwawasto, nagtutugma, naglalapat, at naghahalo sa atin nang sama-sama tungo sa isang Katawan—1 Cor. 10:17; 12:24-25:

1. Ang maihalo nang sama-sama ay ang dumaan sa krus at gawin ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng Espiritu upang ipamahagi si Kristo sa iba alang-alang sa Katawan ni Kristo—cf. 2 Cron. 1:10.
2. Hindi tayo dapat gumawa ng anumang bagay nang walang pakikipagsalamuha sa ibang banal na nakikipagkoordina sa atin; ang salamuha ay humihiling na tumigil tayo kapag mayroon tayong gagawin—cf. Ezek. 1:11b-14.

B. Sa pagiging nalimitahan sa loob ng dibinong salamuha, ang Katawan ni Kristo ay naiingatan sa kaisahan, at ang gawain ng ministeryo ay nagpapatuloy; ang bagay na bumubuhay sa lahat ng bagay ay salamuha—Efe. 4:11-12; cf. Ezek. 47:9.

C. Kailangan nating tumulad sa apostol upang dalhin ang mga ekklesia-lokal tungo sa salamuha ng Katawan ni Kristo at sumunod sa mga yapak ng apostol upang dalhin ang lahat ng banal tungo sa buhay-paghahalo ng buong Katawan ni Kristo—Roma 14:3; 15:7-9, 25-33; kap. 16.

D. Dapat nating mataglay ang realidad ng pagsasalamuha at paghahalo ng Katawan ni Kristo; kung hindi, gaano man tayo naghahabol at gaano man tayo kasimple at kamapagpakumbaba, sa malao't madali ay magkakaroon ng mga suliranin, mga pagkakabaha-bahagi pa nga, sa gitna natin.

E. Ang layunin ng paghahalo ay ang dalhin tayong lahat tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo; pinahahalagahan natin ang mga ekklesia-lokal para sa isang layunin—kailangang tayo ay nasa mga ekklesia-lokal bilang pamamaraan upang dalhin tayo tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo.

*© 2021 Living Stream Ministry*